

Pagtatrabaho bilang isang pangkat

Para sa mga pinakamahusay na resulta, kailangan mong maglaan ng panahon araw-araw upang sundin ang plano na ginawa mo at ng iyong patologo ng pagsasalita ng wika. Kung ang oras ay problema, kausapin ang iyong patologo ng pagsasalita ng wika tungkol sa kung paano makakapagbigay ng pinakamahusay na posibleng suporta para sa iyong anak.

Kapag ikaw at ang iyong pamilya ay naging aktibong kasali, maaari mong matulungan ang iyong anak na mapaunlad ang mga kasanayan sa wika na kinakailangan upang marating ang kanyang lubos na potensyal.

Para sa impormasyon tungkol sa mga lokal na programa para sa pagsasalita at wika mangyaring bisitahin ang ontario.ca/earlychildhood at i-klik ang Salita at Wika.



Pagtulong sa iyong anak na matuto ng wika



To order by phone:
1-800-668-9938
TTY: 1-800-268-7095

Or visit: www.serviceontario.ca/publications
Publication # 019550

Learn more: www.ontario.ca/children

Nov/2014 © Queen's Printer for Ontario

TAGALOG

Pagtulong sa iyong anak na matuto

Ang Programang Pagsasalita at Wika para sa Preschool at Programang para sa Pagdinig ng Sanggol ng Ontario ay nagbibigay ng suporta habang ikaw ay nagsisimulang tumulong sa iyong anak na paunlarin ang kanyang mga kasanayan sa wika.

Ang iyong pagkasangkot ay mahalaga sa pagtulong sa iyong anak na matuto ng wika. Pinakamahasay na natututo ang mga bata sa pamamagitan ng mga relasyon sa mga mahalagang tao sa kanilang buhay. Bilang isang magulang, ikaw ang pinakamahasay na guro ng iyong anak dahil ikaw ang mas higit na nakakakilala sa iyong anak. Ikaw ang nasa pinakamahasay na posisyon na tumulong sa kanyang matuto kung paano makipag-usap.

Ano ang pagpapaunlad ng wika?

Ang pagpapaunlad ng wika ay isang patuloy na proseso. Ang isang sanggol ay nagsisimulang gumamit ng wika sa pamamagitan ng mga pagngawa at kurukutok, at pagkatapos ay nagsisimulang manggaya ng mga salita at unawain ang kanilang kahulugan. Unti-unti, ang isang bata ay nagsisimulang magtuhog nang magkakasama ng mga salita at lumilipat mula sa simple hanggang sa mas mahirap na unawaing mga pag-uusap

Ang isang bata ay mayroong pagkaantala o diperensiyang sa wika kung siya ay nahihirapang umunawa ng mga salita o pagsama-samahin ang mga ito upang ipagbigay-alam ang kanyang mga pangangailangan at mga ideya.

Propesyunal na tulong

Kung ikaw ay naghihinala na naantala ang pagsasalita ng iyong anak, mahalagang maghanap kaagad ng propesyunal na tulong.

Bagama't ikaw ang pinakamahalagang tao sa pagpapaunlad ng wika ng iyong anak, hindi ka nag-iisa. Ikaw ay magiging bahagi ng isang pangkat na kasama ang isang patologo ng pagsasalita ng wika.

Ang mga propesyunal na ito ay tumutulong na kilalanin, tasahin at gamutin ang mga diperensiyang sa wika at suportahan ang pag-unlad ng wika. Maaari ka ring makipagtulungan ng malapit sa iba pang mga propesyunal, kabilang na ang mga katulong sa mga komunikasyon, mga kasangguni ng American Sign Language [Pasenyas na Wika ng Amerika], mga auditory verbal therapist [mga terapruta ng pandinig, salita], at mga tagapagturo ng maagang kabataan, upang suportahan ka at ang iyong anak.

Ipapakita ng mga propesyunal na ito kung paano makipag-usap at makipaglaro sa iyong anak sa tahanan upang mahikayat at masuportahan ang pag-unlad ng wika ng iyong anak.

Ang tungkulin ng iyong pamilya

Ang mga programang Pagsasalita at Wika para sa Preschool at Pagdinig ng Sanggol ay umaasa sa pakikisali ng pamilya ng isang bata bilang pinakamahalaga sa pagpapabuti ng kanyang mga kasanayan sa wika.

Ang estilo ng pamumuhay ng isang pamilya, mga kostumbre at kapaligiran ay lahat nakakaapekto habang natututo ang mga bata tungkol sa kanilang mundo, mga tao sa kanilang buhay at kung paano makipag-usap. Kaya, bilang isang magulang, tungkulin mong magbigay sa mga propesyunal ng mahalagang mga impormasyon tungkol sa mga lakas at mga pangangailangan ng iyong anak. Sa ganoong paraan, ikaw ay nakakatulong sa pagbuo ng mga layunin upang suportahan ang pag-unlad ng wika ng iyong anak na makakabuti para sa iyong pamilya.

Paghahanap ng tamang pamamaraan para sa iyong pamilya

Mayroong iba-ibang mga pamamaraan upang tulungan ang mga batang matuto. Halimbawa, ang isang patologo ng pagsasalita ng wika ay maaaring makipagtulungan sa iyo na gumawa ng isang programa na susundin sa tahanan o makipag-ayos para ikaw ay makasali sa mga regular na pagtitipon-tipon ng ibang mga magulang at mga bata.

Ang unang hakbang ng isang patologo ng pagsasalita ng wika ay ang tasahin ang mga kakayahan ng iyong anak sa pagsasalita at wika. Sa iyong tulong, siya ay magtatakda ng mga layunin at tatalakayin kung paano kayo pinakamahasay na maaaring makapagtrabahong magkasama. Pagkatapos ang patologo ng pagsasalita ng wika ay mag-iiskedyul ng oras na magtrabaho sa iyong anak at magbigay ng suporta sa iyo sa pamamagitan ng kahit isa man lamang sa mga ito:

- mga workshop para sa edukasyon ng magulang
- mga mallilit na sesyong panggrupo
- pagpapayo
- isang programang pantahanan.

Ang mga sesyon na kasama ang mga propesyunal ay magsasangkot sa iyo, iba pang mga miyembro ng pamilya at mga tagapagbigay-alaga ng bata, upang ang lahat ay maaaring matuto ng mga paraan sa pagsuporta ng pag-unlad ng iyong anak sa panahon ng mga pang-araw-araw na gawain. Ikaw ay makakatanggap ng mga nakakatulong na estratehiya at mga materyales kabilang, halimbawa ang, mga mungkahi para sa mga aklat na babasahin at mga larong lalaruin sa tahanan. Maaari ring hingiin sa iyo na i-videotape ang progreso ng iyong anak, magpanatili ng isang talaarawan o punan ang mga palatanungan tungkol sa pag-unlad ng iyong anak.